ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# TASK-BASED APPROACH: ALTERNATIBONG PARAAN SA PAGKATUTO AT PAGPAPAUNLAD SA KASANAYAN SA PAG-UNAWA SA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

**John Rey Baylon Saroay**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang layuning ng pananaliksik na ito, ay malaman ang antas ng paggamit ng Task-Based Approach: Alternatibong Paraan sa Pagkatuto at Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pag-Unawa sa Pagganap ng mga Mag-Aaral. Ninanais ding malaman ang antas ng kaaungkupan ng Task-based Approach Bilang Alternatibong Paraan sa Pagkatuto at antas ng Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pag-unawa. Gayundin, ang makabuluhang epekto ng paggamit ng Task-Based Approach: Alternatibong paraan sa pagkatuto at pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa sa pagganap ng mga mag-aaral.*

*Ang mananaliksik ay gumamit ng disenyong deskribtibong-kwantitatibong paraan at Purposve Sampling Technique. Ginamit ng mananaliksik ang mag-aaral na nasa ikapitong baitang na siyamnapu (90) ng San Juan National High School, Kalayaan, Laguna bilang tagatugon ng pag-aaral.*

*Sa ginawang pananaliksik, lumabas na ang antas kaangkupan ng Task-based Approach: Alternatibong paraan sa pagkatuto ay lubos na katanggap-tanggap na may punang lubos na sumasang-ayon at may literal na paliwanag na lubhang mataas. Gayundin, sa pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa. Sa resulta naman ng antas ng pagganap ng mag-aaral batay sa dayalogo, ay may paglalarawang katumbas na pinakamahusay at may literal na paliwanag na namumukod-tangi. Sa nakalap na datos, may makabuluhang epekto ang antas ng paggamit ng Task-based Approach bilang alteranatibong paraan sa pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral. Samantalang walang makabuluhang epekto ang antas ng pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa sa pagganap ng mga mag-aaral.*

*Sa lumabas na resulta, na may makabuluhang epekto ang kaangkupan ng Task based Approach: Alteranatibong paraan sa pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral, mainam na ipagpatuloy na gamitin ang dulog sa pagtuturo para sa ikauulad ng pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.*

*At batay sa resulta, na walang makabuluhang epekto ang pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa sa pagganap ng mga mag-aaral, kinakailangan na umisip ng iba pang estratehiya na aangkop para mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral.*

*Hinihikayat ng mananalikasik ang mga guro at mag-aaral, na ipagpatuloy na gamitin ang task-based approach upang mas mapaunlad ang kasanayan at pagkatuto ng mga mag-aaral. At sa mga mananaliksik, maaring maging sandigan ito sa pag-aaral at mapalawak ang mga salik na magagamit sa makabuluhang pagkatuto.*

**SUSING SALITA: :** *Task-Based Approach; Alternatibong paraan sa pagkatuto; pagpapaunlad sa kasanayan*

## 1. PANIMULA

Sinasabing ang pagganap ng mga estudyante sa asignaturang pangwika, naapektuhan ito kung papaano nagtuturo ang isang guro at sa kaniyang mga pamamaraan na ginagamit upang matuto nang lubusan ang isang bata.

Ang pagkakaroon ng mababang pagganap o performans sa mga araling tinatalakay ng guro ay nagpapakita ng hindi akma o kakulangan sa pamamaran nang sa gayon ang isang mag-aaral ay matuto at mahasa ang kasanayan sa pag-unawa at paggamit ng wika.

Sa inilathala ni ni Hamouda (2013), sinasabi na tuwing ang mag-aaral ay madalang magsalita o nakikiisa sa mga aralin na tinatalakay ng guro, pinatutunayan na ang bawat mag-aaral ay hindi natuto sa isang maayos na pamaraan, kung saan ang mga guro'y napapatanong kung bakit ganoon." Sa asignaturang Filipino partikular sa mga nasa ikaptiong baitang sa San Juan National High School, mapapansin ang hindi pakikiisa ng karamihan sa mga estudyante sa talakayan, malimit ang mga ito ay sasagot lamang kapag tinawag at madalas ay mali at kapag may binigay na gawain ay hindi lahat nakikiisa.

Kaya ang mananaliksik ay umisip ng pamamaraan na maaring magamit sa pagpapaunlad ng pagkatuto at sa pangkasanayan ng mag-aaral sa Filipino. Isa sa maaring dulog o pamamaraan sa pagtuturo sa Filipino na makatutulong, ay ang paggamit ng Task-based approach nang sa gayon ang mga mag-aaral ay makamit ang lubusang pagkatuto.

Ang Task-based Approach ay isa lamang sa mga makabagong pamamamaran sa pagkatuto sa ika-21 siglo, kabilang din dito ang The Test Teach Test Approach (TTT), Natural Approach, Total Physical Response (TPR) at iba pa.

Ayon kay Kawasaki (2021), habang isinasagawa ang task-based na pagkatuto, ang mga nag-aaral ay nireresolba ang takdang gawain na may kaugnayan sa kanila at nakakapukaw ng interes. Dagdag pa, sila ay gumagamit ng awtentikong wika imbis na pagsasagot ng mga katanungang may kaugnayan sa gramatika o bokabularyong ng wika. At mahalaga sa isang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

gawain ang pagkakaroon ng kaugnayan sa interes ng mag-aaral. Ang kahalagahan nitong task-based approach, ang mga estudyante ay natuto sa gabay ng guro, sila ang humahanap ng solusyon sa mga problemang sa gawain na naiiugnay sa totoong buhay, at natututo ang mga mag-aaral sa pagtutulungan. Natututunan ang wika sa isang makatotohanang pamamaraan taliwas sa paggamit ng lapis at papel. Angkop na gamitin na pamamaraan o dulog sa pagtuturo na maaring makatulong sa makabuluhan at makatotohanang pagkatututo pagdating sa asignaturang Filipino, partikular sa mga mag-aaral ng mataas na paaralan ng San Juan, ay ang Task-based Approach.

Pinili ng mananaliksik ang pananaliksik na ito sapagkat ito ay maaring magpaunlad sa pagkatuto at kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

*1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Maisasakatuparan ng mananaliksik ito sa pamamagitan ng pagtugon sa mga katanungan sa ibaba:

1. Ano ang antas ng kaaungkupan ng Task-based Approach Bilang Alternatibong Paraan sa Pagkatuto Ayon sa:
    1.1 Information gap task;
    1.2. Role Play Task;
    1.3. Simulation Task;
    1.4. Creative Task; at
    1.5. Problem Solving Task?
2. Ano ang antas ng Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pag-unawa ukol sa:
    2.1. Kaalaman sa Paksa;
    2.2. Kalaaman sa Talasalitaan; at
    2.3. Estruktura ng wika/teksto?
3. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo?
4. May makabuluhang epekto ba ang antas ng kaangkupan ng Task based Approach bilang alteranatibong paraan sa pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo?
5. May makabuluhan bang epekto ang antas pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa sa pagganap ng mga mga mag-aaral batay sa dayalogo?

## 2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Deskriptibong-kwantitatibong pamamaraan ang ginamit ng mananaliksik sa disenyo ng pananaliksik, upang malaman antas ng kaangkupan ng task-based approach bilang ng alternatibong paraan sa pagkatuto ng mga mag-aaral ayon sa task-based activities ukol sa: information gap task, role play task, simulation task, creative task, problem solving task. Gayundin ang ayon pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa ukol sa; kaalaman sa paksa, kalaaman sa talasalitaan, at estruktura ng wika/teksto.

Ang deskriptib na pananaliksik ayon kay McCombes (2022), na nagkaroon ng rebisyon taong 2022, ay naglalayong maipaliwanag nang maayos at tama ang populasyon, kaganapan o mga pangyayari. Sinasagot nito ang mga katanungang ano, kailan, saan, at paano, ngunit hindi ang katanungang bakit.

Sa tulong ng disenyo ng pananaliksik na ito, malalaman at mabibigyang interpretasyon ng mananaliksik ang mga datos upang matukoy task-based approach: alternatibong paraan sa pagkatuto at pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa sa pagganap mga mag-aaral na nagmula sa ikapitong baitang.

## 3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga datos na nakalap. Bingyan ng kaukulang presentasyon analisis at interpretasyong pagpapakahulgang sa sa tulong ng mga talahanayan upang matukoy ang kasagutan sa mga inilahad na suliranin sa pananaliksk na ito.

Ang mga paliwanag at datos na napaloob dito ay batay sa pagkakasunod-sunod ng paglalahad ng suliranin sa kabanata 1. At ipinapakita rin dito ang ginamit na istatistikal na pamamaraan sa mga talahanayan na sumagot sa pananaliksik na Task-Based Approach Bilang Alternatibong Paraan sa Pagkatuto at Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pag-unawa sa Pagganap ng mga Mag-aaral.

**Antas ng kaangkupan ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto**

Ang pananaliksik na ito ay naglalaman ng antas ng kaangkupan ng Task-Based Approach: Alternatibong Paraan Sa Pagkatuto ayon sa Information gap task, Role Play Task, Simulation Task, Creative Task; at Problem Solving Task.

Ipinaliliwanag ng mga datos sa sumusunod na talahanayan 1 hanggang 5 gamit ang mga pahayag, mean, standard deviation at puna, at berbal na interpretasyon upang lubos na maunawaan ang mga resulta ng pananaliksik.

Mahalagang kagamitan para sa gawaing pampagkatuto ang information gap task sapagkat nagbibigay ito ng pagkakataon na lubusang matutuhan ng mag-aaral ng mga aralin sa isang asignatura.

Ipinapakita ng talahanayan sa ibaba ang kinalabasan patungkol sa paggamit ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto at pagpapaunlad ayon sa information gap task.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1**

*Antas ng kaangkupan ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto ayon sa Information Gap Task*

| MGA PAHAYAG | MEAN | SD | PUNA |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ang mga salitang ginagamit upang makompleto ang mga impormasyon* | 4.73 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang natutunan sa paksa upang maging matagumpay ang pagkompleto sa gawain* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalarawan ang mga impormasyon na kinakailangan upang maisagawa ang gawain* | 4.59 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naikukumpara ang pagkakaiba ng bawat impormasyon na kailangan at hindi kailangan upang makompleto ang gawain* | 4.53 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng isang gawain na katulad sa orihinal na kopya* | 4.61 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.63***
***Standard Deviation: 0.28***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na *"Nauunawaan ang mga salitang ginagamit upang makompleto ang mga impormasyon"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.73 at standard deviation na 0.44 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na, "*Nagagamit ang natutunan sa paksa upang maging matagumpay ang pagkompleto sa gawain,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.68 at standard deviation na 0.47 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na *"Nailalarawan ang mga impormasyon na kinakailangan upang maisagawa ang gawain"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.59 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *"Naikukumpara ang pagkakaiba ng bawat impormasyon na kailangan at hindi kailangan upang makompleto ang gawain"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.53 at standard deviation na 0.66 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na, "*Nakabubuo ng isang gawain na katulad sa orihinal na kopya,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.61 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

May kabuuang mean na 4.63, standard deviation na 0.28 at ipinapakita na ang antas ng kaangkupan ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto ayon sa Information Gap Task ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Pinatutunayan sa resulta ng datos ang paggamit ng Information gap task ay maaring gamitin sa pagtuturo upang maunawaang mabuti ang mga aralin.

Binigyang pansin sa talahanayan 2 sa ibaba ang kinalabasan patungkol sa paggamit ng Task-Based Approach Bilang Alternatibong Paraan sa Pagkatuto Ayon sa Role-Play Task.

**Talahanayan 2**

*Antas ng kaangkupan ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto ayon sa Role Play Task*

| MGA PAHAYAG | MEAN | SD | PUNA |
|---|---|---|---|
| *Naunawaan ang kahalagahan ng paggamit ng role playing sa pagtalakay sa paksa* | 4.62 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibubuod ang paksang tinalakay sa pamamagitan ng pagsasadula* | 4.62 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga aral na natutunan sa paksa sa pagbuo ng sitwasyon.* | 4.63 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ang mga tungkulin ng tauhan sa isang nabuong sitwasyon* | 4.73 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng mga sitwasyon na angkop sa paksang tinalakay* | 4.76 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.67***
***Standard Deviation: 0.24***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

\

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa unang pahayag na *"Naunawaan ang kahalagahan ng paggamit ng role playing sa pagtalakay sa paksa"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.62 at standard deviation na 0.61 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na, "*Naibubuod ang paksang tinalakay sa pamamagitan ng pagsasadula,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.62 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na *"Naiuugnay ang mga aral na natutunan sa paksa sa pagbuo ng sitwasyon,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.63 at standard deviation na 0.48 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *"Natutukoy ang mga tungkulin ng tauhan sa isang nabuong sitwasyon"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.73 at standard deviation na 0.44 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na, "*Nakabubuo ng mga sitwasyon na angkop sa paksang tinalakay,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.76 at standard deviation na 0.43 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

May kabuuang mean na 4.67, standard deviation na 0.24 at ipinapakita na ang antas ng kaangkupan ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto ayon sa Role Play Task ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Batay sa nailahad na datos, lumalabas na ang paggamit ng gawaing ito ay nakakatulong bilang mabisang paraan sa pagkatuto ng mag-aaral sa mga paksa sa Filipino, at dagdag pa ang pagbibigay ng pagkakataon na maibahagi ang mga ideya upang para maging matagumpay ang gawain.

Sa paggamit nito, ang mag-aaral sa isang silid ay namumulat sa mga gawaing makatotohanan o mga sitwasyong na maaring maranasan sa totoong buhay na kanilang nararanasan o mararanasan pa lamang pagdating ng araw.

Sa talahanayan 3, ipinapakita ang kinalabasan patungkol sa paggamit ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto at ayon sa simulation task.

Sa unang pahayag na *Nagagamit ang natutunan sa paksa upang isagawa ang gawaing may kaugnayan sa reyalidad,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.58 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Nangangahulugan lamang ito na lubos na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa mabuting dulot sa pagkatuto, gamit ang role-play task.

Sa ikalawang pahayag na, "*Nakalilikha ng isang senaryo para sa simulasyon na may kaugnayan sa paksang tinalakay,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.58 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na *Naunawaan ang paksa sa pamamagitan ng pagbuo ng mga sitwasyon na may kaugnayan sa tinalakay,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.62 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *"Nakikita ang mga pagkakatulad ng sitwasyon binuod sa totoong nangyayari sa buhay,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.63 at standard deviation na 0.48 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na, "*Nakatutulong ang simulation task upang mapataas ang kompyansa (confidence) sa sarili,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.59 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

**Talahanayan 3**

*Antas ng paggamit ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto ayon sa Simulation Task*

| MGA PAHAYAG | MEAN | SD | PUNA |
|---|---|---|---|
| *Nagagamit ang natutunan sa paksa upang isagawa ang gawaing may kaugnayan sa reyalidad* | 4.58 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng isang senaryo para sa simulasyon na may kaugnayan sa paksang tinalakay.* | 4.58 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naunawaan ang paksa sa pamamagitan ng pagbuo ng mga sitwasyon na may kaugnayan sa tinalakay* | 4.62 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikita ang mga pagkakatulad ng sitwasyon binuod sa totoong nangyayari sa buhay.* | 4.63 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang simulation task upang mapataas ang kompyansa (confidence) sa sarili* | 4.59 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.60***
***Standard Deviation: 0.25***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

May kabuuang mean na 4.60, standard deviation na 0.25 at ipinapakita na ang antas ng kaangkupan ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto ayon sa Simulation Task ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa kinalabasan ng pagsusuri, naging makabuluhan ang paggamit ng simulation task, dahil naipapakita ang mga gawaing maaring mangyari sa makatotohanang sitwasyon at kaakibat nito ay ang maaring kapakinabangan sa mga guro at mag-aaral upang mas maging epektibo ang pagkatuto at mapaunlad ang kamalayan ng mga mag-aaral sa mga pangyayari sa totoong buhay.

Inilalahad ng talahanayan 4, sa ibaba ang kinalabasan patungkol sa paggamit ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto at pagpapaunlad ayon sa creative task.

Sa unang pahayag na "*Nahahasa ang kakayahan sa wika sa pamamagitan ng pagsulat ng tula,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.64 at standard deviation na 0.48 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na, "*Nakabubuo ng tula na may kaugnayan sa paksang tinalakay,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.70 at standard deviation na 0.46 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na "*Naipapahayag ang nararamdaman sa pagsulat ng tula,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.70 at standard deviation na 0.46 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *"Naiuugnay ang sarili karanasan sa isinulat na tula,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.60 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na, "*Nagagamit ang mga salita nang maayos sa paglikha ng tula,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.59 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

May kabuuang mean na 4.65, standard deviation na 0.24 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto ayon sa Creative Task ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Pinatutunayan, na ang creative task ay nakatutulong upang mas lalo pang maging malikhain sa paglikha ng mga gawain ang mag-aaral.

**Talahanayan 4**

*Antas ng* kaangkupan ng *Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto ayon sa Creative Task*

| MGA PAHAYAG | MEAN | SD | PUNA |
|---|---|---|---|
| *Nahahasa ang kakayahan sa wika sa pamamagitan ng pagsulat ng tula* | 4.64 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng tula na may kaugnayan sa paksang tinalakay* | 4.70 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapahayag ang nararamdaman sa pagsulat ng tula* | 4.70 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang sarili karanasan sa isinulat na tula* | 4.60 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang mga salita nang maayos sa paglikha ng tula* | 4.59 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.65***
***Standard Deviation: 0.24***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

sa Makikita sa talahanayan 5 ang paggamit ng Task-Based Approach: alternatibong paraan sa pagkatuto ayon sa Problem-Solving Task.

**Talahanayan 5**

*Antas ng kaangkupan ng ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto ayon sa Problem-Solving Task*

| MGA PAHAYAG | MEAN | SD | PUNA |
|---|---|---|---|
| *Napapatalas ng gawain ang isipan sa pagresobla ng problema* | 4.53 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng koneksyon sa bawat isa sa pagbibigay ng solusyon sa suliranin o problema* | 4.47 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Mapakikinabangan ang gawain o ang problem solving task sa totoong buhay* | 4.60 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibabahagi ang kaalaman at karanasan upang mabigyan ng kasagutan ang mga katanungan* | 4.62 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyan ng pagkakataon upang maibahagi ang ideya sa pagbuo ng kasagutan* | 4.56 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.56***
***Standard Deviation: 0.27***

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na "*Napapatalas ng gawain ang isipan sa pagresobla ng problema,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.53 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na, "*Nakabubuo ng koneksyon sa bawat isa sa pagbibigay ng solusyon sa suliranin o problema,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.47 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na "*Mapakikinabangan ang gawain o ang problem solving task sa totoong buhay,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.60 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na *Naibabahagi ang kaalaman at karanasan upang mabigyan ng kasagutan ang mga katanungan,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.62 at standard deviation na 0.51 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na, "*Nabibigyan ng pagkakataon upang maibahagi ang ideya sa pagbuo ng kasagutan,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.56 at standard deviation na 0.52 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.
May kabuuang mean na 4.56, standard deviation na 0.27 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto ayon sa Problem-solving Task ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Masasabing ang mag-aaral ay nahihikayat na gawin nang mabuti ang inaatang na gawain sapagkat ang pagresolba ng gawain ay nagbibigay engganyo sa kanila upang matukoy ang problema at mabigyang solusyon ito na nagdudulot resulta na literal na paliwanag na lubhang mataas. Kahit na nahirapan silang magkaroon ng koneksyon sa isa't isa ay nagbunga pa rin ng lubusang pagkatuto ang kanilang paghihirap sa pagsasagawa ng problem-solving task.

**Antas ng Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pag-unawa**
Ang pananaliksik na ito ay naglalaman ng antas ng pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa ukol sa kaalaman sa paksa, kaalaman sa talasalitaan, estruktura ng wika/teksto.

Ipinaliliwanag ng mga datos sa sumusunod na talahanayan, mula 6 hanggang 8, gamit ang mga pahayag, mean, standard deviation at puna, upang lubos na maunawaan ang mga resulta ng pananaliksik.

Ipinaliwanag sa talahanayan 6 ang kinalabasan patungkol sa Antas ng kasanayan sa pag-unawa ukol sa Kaalaman sa Paksa
Sa unang pahayag na "*Napapalalim ang kaalaman sa paksa sa tulong ng mga gawain,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.68 at standard deviation na 0.47 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.
Sa ikalawang pahayag na, "*Nailalahad ang mga natutunan sa tinalakay na paksa sa tulong ng task-based approach,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.58 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na "*Naibabahagi ang mga kaalaman sa tinalakay upang makatulong sa paggawa ng gawain,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.60 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na "*Napapahalagahan ang kaalaman sa paksa sa pakikiisa sa mga gawain,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.47 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.
Sa ikalimang pahayag na, "*Nagagamit ang mga kaalamang natutunan sa pamamagitan ng pagbabahagi sa mga kamag-aral,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.86 at standard deviation na 0.35 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

**Talahanayan 6**
*Antas ng pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa ukol sa Kaalaman sa Paks*

| MGA PAHAYAG | MEAN | SD | PUNA |
|---|---|---|---|
| *Napapalalim ang kaalaman sa paksa sa tulong ng mga gawain.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalahad ang mga natutunan sa tinalakay na paksa sa tulong ng task-based approach* | 4.58 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibabahagi ang mga kaalaman sa tinalakay upang makatulong sa paggawa ng gawain* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napapahalagahan ang kaalaman sa paksa sa pakikiisa sa mga gawain* | 4.47 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang mga kaalamang natutunan sa pamamagitan ng pagbabahagi sa mga kamag-aral* | 4.86 | 0.35 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.65***
***Standard Deviation: 0.24***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

May kabuuang mean na 4.65, standard deviation na 0.24 at ipinapakita na ang kasanayan sa pag-unawa ukol sa kaalaman sa paksa ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Binibigyang pansin ang mag-aaral ay sadyang mayroon ng nalalaman sa paksa bago tuluyang gawin ang isang naitalagang gawin, sa tulong iito ay mas mabilis na nauunawan ng mag-aaral ang paksa at ang tamang pagsasagawa ng gawain na naitang sa kanila ay mahusay na naisasagawa na magbubunga ng Magandang resulta ng gawain na ibinigay ng guro.

Inilalahad ng talahanayan 7 sa ibaba ang kinalabasan patungkol sa Antas ng pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa ukol sa Kaalaman sa Talasalitaan.

Sa unang pahayag na "*Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang natalakay sa paksa,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.48 at standard deviation na 0.55 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na, "*Nagagamit ang mga salita sa paksa sa tulong ng task-based approach,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.27 at standard deviation na 0.44 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na "*Naitituro ang mga naunawaang sallita at kahulugan nito at kung papaano ito gamitin.,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.60 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na "*Napapadali ang pagpapalawak ng bokabularyo sa pamamagitan ng iba't ibang gawain.,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.58 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na, "*Nalilinang ang bokabularyo sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga gawaing may kaugnayan sa paksa,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.61 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

May kabuuang mean na 4.51, standard deviation na 0.31 at ipinapakita na ang kasanayan sa pag-unawa ukol sa kaalaman sa talasalitaan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa datos na sinuri, ipinapakita na ang kaalaman sa talasalitaan ay may mahalagang gampanin upang maisagawa nang maayos ang mga naiatang na gawain, kung kaya't ang kaalaman sa talasalitaan na may lubhang mataas na literal na paliwanag, ang nagpapatunay na ito ay magagamit ng mga mag-aaral upan maging matagumpay sa mga gawain gayundin ay napapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa ng mga aralin sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan 7**

*Antas ng pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa ukol sa Kalaaman sa Talasalitaan*

| MGA PAHAYAG | MEAN | SD | PUNA |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang natalakay sa paksa* | 4.48 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang mga salita sa paksa sa tulong ng task-based approach* | 4.27 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitituro ang mga naunawaang sallita at kahulugan nito at kung papaano ito gamitin.* | 4.60 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napapadali ang pagpapalawak ng bokabularyo sa pamamagitan ng iba't ibang gawain.* | 4.58 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalilinang ang bokabularyo sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga gawaing may kaugnayan sa paksa* | 4.61 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.51***
***Standard Deviation: 0.31***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang pagpapaunlad ng kaalaman sa talasalitaan ay nababawasan ang limitasyon sa pagggawa ng mga gawain sapagkat ang mga talasalitaan ay na natutunan ay makatutulong upang makabuo ng isang maayos na mga pangungusap, talata o diskurso na naglalaman ng makabuluhang ideya na siyang magpapatunay sa pagiging matagumpay ng isang gawain sa asignaturang Filipino.

Makikita sa talahanayan 8 sa ibaba ang kinalabasan patungkol sa Antas ng kasanayan sa pag-unawa ukol sa Estruktura ng wika/teskto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 8**

*Antas ng kasanayan sa pag-unawa ukol sa Estruktura ng wika/teksto*

| MGA PAHAYAG | MEAN | SD | PUNA |
|---|---|---|---|
| *Nasusundan ang ginagamit na wika sa paksa* | 4.78 | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napapalawak ang kakayahan sa pagbuo ng pangungusap gamit ang task-based approach* | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalalaman ang tamang pagkakaayos ng mga salita sa isang pangungusap sa habang isinasagawa ang iba't ibang gawain* | 4.52 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napapadali ang paggamit ng wika sa tulong ng mga kamag-aaral sa pagsasagawa ng mga gawain* | 4.60 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabigyang linaw ang tamang paggamit ng mga salita at pangungusap sa sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga gawain* | 4.61 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.65***
***Standard Deviation: 0.26***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa unang pahayag na "*Nasusundan ang ginagamit na wika sa paksa,"*

ay nakakuha ng mean iskor na 4.78 at standard deviation na 0.42 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalawang pahayag na, "*Napapalawak ang kakayahan sa pagbuo ng pangungusap gamit ang task-based approach,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.74 at standard deviation na 0.44 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikatlong pahayag na "*Nalalaman ang tamang pagkakaayos ng mga salita sa isang pangungusap sa habang isinasagawa ang iba't ibang gawain,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.52 at standard deviation na 0.50 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikaapat na pahayag na "*Napapadali ang paggamit ng wika sa tulong ng mga kamag-aaral sa pagsasagawa ng mga gawain,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.60 at standard deviation na 0.51 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa ikalimang pahayag na, "*Nabigyang linaw ang tamang paggamit ng mga salita at pangungusap sa sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga gawain,"* ay nakakuha ng mean iskor na 4.61 at standard deviation na 0.49 na may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

May kabuuang mean na 4.65, standard deviation na 0.26 at ipinapakita na ang kasanayan sa pag-unawa ukol sa estruktura ng teksto ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Pinakita ng pagsusuri na mahalaga ang kaalaman sa teksto paramaging ganap ang pagkatuto ng mag-aaral gayundin upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wika, mapasalita o pasulat man at higit pa rito ay lubusang maunawaan ang nais iparating ng may akda sa kaniyang akda. Malaki ang gampanin ito upang ang isang gawain ay matagumpay na matapos ng mga kalahok na mag-aaral.

**Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Dayalogo**

Nilalaman ng pananaliksik na ito ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo.

Ipinaliliwanag ng datos sa talahanayan 9 gamit ang frequency, percentage at standard deviation na binigyang puna sa pamamagitan ng mapaglarawang katumbas upang maayos na maunawaan ang mga resulta ng pag-aaral.

Ang talahanayan 9 ay nagpapakita, na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo, sa kabuoang siyamnapu (90) na tagatugon, ang marka na *"21 - 25*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na pitumpu at dalawa (72) o 80.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Namumukod tangi***.** Habang ang marka na *"16 - 20"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na labingwalo (18) o 20.00% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Lubhang Kasiya-siya*.

May kabuuang *(Weighted Mean = 22.52, SD = 1.71)* at *(pinakamababang marka = 20, pinakamataas na marka = 25)* ipinapakita na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo ay may mapaglarawang katumbas na *Namumukod tangi* at may literal na paliwanag na *Dalubhasa*.

Ipinapakita sa talahanayan 9, sa ibaba ang kinalabasan patungkol sa Antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 9**

*Antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo*

| MARKA | KABUOAN | BAHAGDAN | MAPAGLARAWANG KATUMBAS |
|---|---|---|---|
| 21 - 25 | 72 | 80.00 | Pinakamahusay |
| 16 - 20 | 18 | 20.00 | Higit na Mahusay |
| 11 - 15 | 0 | 0.00 | Mahusay |
| 6 - 10 | 0 | 0.00 | Katamtamang Husay |
| 0 - 5 | 0 | 0.00 | Karaniwan |
| **Total** | **154** | **100** | |
| **Weighted Mean** | | ***22.52*** | |
| **Pinakamababang Marka** | | ***20*** | |
| **Pinakamataas na marka** | | ***25*** | Namumukod-tangi |
| **Standard Deviation** | | ***1.71*** | |

Sa pagsusuri at interpretasyon na lumabas, ang mga mag-aaral na tagatugon at naging kasangkot sa ginawang gawain na may kinalaman sa dayalogo ay naging aktibo at ginampanan nang mabuti ang kanilang tungkulin na nagresulta sa maayos at makabuluhang pagsasagawa nito. At ang mga mag-aaral ay masasabing may karanasan, kaalaman at kasanayan sa pagsasagawa at pagsasadula na may kinalaman sa dayalogo na siyang ginamt sa pananaliksik upang makamit ang tagumpay. Kung kaya rin umabot sa pagkamit nila ang literal na paliwanag na Namumukod-tangi.

Ipinapakita na ang mga mag-aaral ay mayroong aking kahusayan sa pagsasagawa ng mga gawain na may kaugnayan sa mga paksa sa Filipino na isang halimbawa ay ang paggamit ng dayalogo bilang gawain upang masukat ang kaalaman at kakayahan na natutunan ng mga mag-aaral sa mga aralin na tinalakay sa asignaturang Filipino.

**Makabuluhang Epekto ng Paggamit ng Task-Based Approach Bilang Alteranatibong Paraan sa Pagkatuto sa Pagganap ng mga Mag-Aaral Batay sa Dayalogo**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng makabuluhang epekto ng paggamit ng task-based approach bilang alteranatibong paraan sa pagkatuto sa pagganap ng mag-aaral batay sa dayalogo.

Ipinaliliwanag ng datos na nakuha sa talahanayan 10, gamit ang antas ng pagganap ng mag-aaral, p-value at multiple regression analysis na tutulong upang mailahad nang maayos ang resulta ng pag-aaral.

Ipinapakita ng talahanayan 10 ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto ng paggamit ng Task-based Approach bilang alteranatibong paraan sa pagkatuto at pagpapaunlad sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 8.5% ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.085). Ang *Information Gap Task*, *Role Play Task*, *Simulation Task*, *Creative Task* at *Problem Solving Task* ay ay positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay makabuluhan ($F(5, 84)$ $p < 0.05$), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Sa talahanayan 10, inilahad ang kinalabasan patungkol sa makabuluhang epekto ng paggamit ng task-based approach bilang alteranatibong paraan sa pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo.

**Talahanayan 10**

*Makabuluhang epekto ng kaangkupan ng Task-based Approach bilang alteranatibong paraan sa pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo*

*p < 0.05

| PAGGANAP | B | SE | β | t | p |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 13.72 | 4.636 | | 2.959* | 0.004 |
| *Information Gap Task* | | 0.851 | 0.079 | 0.093 | 0.926 |
| *Role Play Task* | | 0.987 | 0.658 | 0.667 | 0.507 |
| *Simulation Task* | | 0.805 | 1.106 | 1.374 | 0.173 |
| *Creative Task* | | 0.834 | 1.177 | 1.41 | 0.162 |
| *Problem Solving Task* | | 0.779 | -1.14 | -1.463 | 0.147 |
| *R-squared* | | | .085 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | .031 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 1.684 | | | |
| *F (5, 84)* | | | | 2.564 | .049 |

Sa nakalap na datos, ipinapakita nito na may makabuluhang epekto ang paggamit ng Task-based Approach at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang epekto ng paggamit ng Task-based Approach bilang alteranatibong paraan sa pagkatuto at pagpapaunlad sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo*" ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na may epekto sa pagitan nila.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang paggamit ng Task-based approach sa paglikha ng dayalogo ay nagkaroon ng mabuting bunga, mapapansin na ang paggamit nito ay may makabuluhang epekto sa dayalogo at dahil dito ang hinuha *Walang makabuluhang epekto ng paggamit ng Task-based Approach bilang alteranatibong paraan sa pagkatuto at pagpapaunlad sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo* ay isinantabi at hindi tinaggap dahil ang lumabas sa pagsusuri ay kabaligtaran sa inaasahan. Ang mga alterantibong gawain sa pag-aaral ay nakatutulong upang ang mag-aaral ay lalong matuto at mapaunlad ang kasanayan at kakayahan gayundin ang kanilang pansarili kapakinabangan na maaring gamitin sa totoong buhay.

Ang dayalogo ay hindi na bago sa paraan ng pagtuturo sa Filipino, sapagakt sinaklaw nito ang mga kakayahang pangkomunikatibong dapat matutunan ng mag-aaral sa paaralan.

**Makabuluhang epekto ng pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa sa pagganap ng mga mga mag-aaral batay sa dayalogo**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng Makabuluhang epekto ng pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa sa pagganap ng mga mga mag-aaral batay sa dayalogo. Ipinaliliwanag ng datos sa talahanayan 11, gamit ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral, p-value at multiple regression analysis na tutulong mailahad nang maayos ang mga resulta ng pag-aaral.

Sa talahanayan 11, makikita ang resulta patungkol sa makabuluhang epekto ng pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa sa pagganap ng mga mga mag-aaral batay sa dayalogo.

**Talahanayan 11**

*Makabuluhang epekto ng kasanayan sa pag-unawa sa pagganap ng mga mga mag-aaral batay sa dayalogo*

| Pagganap | B | SE | β | t | p |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 16.4 | 3.99 | | 4.109* | 0.000 |
| *Kaalaman sa Paksa* | | 1.051 | 1.851 | 1.761 | 0.082 |
| *Kalaaman sa Talasalitaan* | | 0.61 | -0.021 | -0.034 | 0.973 |
| *Estruktura ng wika/teksto* | | 0.934 | -0.514 | -0.55 | 0.584 |
| *R-squared* | | | .044 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | .01 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 1.702 | | | |
| *F (5, 180)* | | | | 1.314 | .275 |

*p < 0.05

Ipinapakita ng talahanayan 11 ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto ng kasanayan sa pag-unawa sa pagganap ng mga mga mag-aaral batay sa dayalogo. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 4.4% ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.044). Ang *Kaalaman sa Paksa*, *Kalaaman sa Talasalitaan* at *Estruktura ng wika/teksto* ay ay walang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay makabuluhan (F (5, 84) p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang makabuluhang epekto ang kasanayan sa pag-unawa at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang epekto ng kasanayan sa pag-unawa sa pagganap ng mga mga mag-aaral batay sa dayalogo*" ay tanggapin, ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila.

Sa mga nakalap na datos ay pinatunayan na ang mga mag-aaral pagdating sa kanilang kasanayan sa pag-unawa ay hindi nakaapekto sa pagsasagawa ng dayalogo kung kaya't ang walang bisang palagay ay tinanggap. Ang kasanayan sa pag-unawa ay lubos na mahalaga sa pag-aaral sapagkat ang mag ito ang pundasyon sa pagkatuto at pagpapaunlad sa kanilang sariling kakayahan at kasanayan sa iba't ibang aspeto, gayunpaman ay hindi naging balakid ang kanilang kasanayan sa pag-unawa upang maisagawa nang maayos ang gawain sa dayalogo.

**Plano upang mapaunlad ang Paggamit ng Task-based Approach sa Pagkatuto sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

Sa pagbuo ng plano makikita sa talahanayang ito ang Layunin, Istratehiya o Gawain, Tiyak na Gawain, Taong Kasangkot at Panahon ng Pagsasagawa. .

Makatutulong ang Programang interbensiyon na gawain upang ang mag-aaral ay mapaunlad ang pagganap sa akademik. Ito ay pagbibigay ng mga gawain na nilalayong mapataas ang lebel ng pagkatuto at sa pangkalahatang pag-unlad ng mag-aaral.

Lumabas na may makabuluhang epekto ang paggamit ng Task-based Approach bilang alternatibong paraan sa pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa asiganturang Filipino.

Makikita sa kinalabasan ng pag-aaral, na lubos na nakatulong ang iba-ibang ang iba't ibang task-based na gawain sa pagganap ng mag-aaral sa dayalogo. Kung kaya't ang mananaliksik ay naglalayong gamitin ito bilang alternatibong paraan sa pagkatuto sa Filipino.

Hangarin ng nabuong plano na mapaunlad ang pagkatuto ng mag-aaral sa mga aralin sa Filipino 7 at maging bahagi ng pagtuturo ang paggamit ng Task-based Approach upang mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino.

Upang masigawa ang nabuong planong interbensyon, kinakailangan na manguna ang mga guro. At ang mag-aaral ang siyang tutulong upang maging matagumpay ang nabuong plano patungkol sa paggamit ng Task-based Approach.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa paggamit nito, ang guro ay bumuo ng iba-ibang estratehiya upang maggamit ang Task-based Approach: Alternatibong paraan sa pagkatuto. Ang mga estratehiyang ito ay: Pagbuo ng mga uri ng task-based na gawain na may kaugnayan sa mga aralin na sakop ng isang markahan. pagbibigay ng feedback sa bawat task-based na gawaing ginamit upang masukat ang kabisahan ng mga ito at maaring magkaroon ng pagsusulit bilang panukat sa natutuanan sa aralin na ginamitan ng task-based na mga gawain.

Sa pagtatapos, inaasahan na ang mga mag-aaral ay, una; Maggamit ang mga natatutuhan sa bawat aralin na ginamit ng task-based apaproach; pangalawa, Tataas ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino; pangatlo, Mapataas ang kanilang grado sa Filipino; at panghuli, Mabawasan ang mag-aaral na nakakakuha ng pagkabigo pagdating sa Phil-IRI.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pamamagitan ng mga inilahad na kinalabasan ng pag-aaral, humantong sa pagbuo ng mga sumusunod na kongklusyon ang mananaliksik sa pagsasagawa nito.

1. May makabuluhang epekto ang paggamit ng Task-based Approach: Alteranatibong paraan sa pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo. Batay sa lumabas resulta, mainam na ipagpatuloy na gamitin ang dulog sa pagtuturo para sa ikauulad ng pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.
2. Walang makabuluhang epekto ang pagpapaunlad sa kasanayan sa pag-unawa sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa dayalogo. Kaya kinakailangan na umisip ng iba pang estratehiya na aangkop para mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Matapos suriin ang mga datos, na natuklasan sa pag-aaral, iminungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Sa mga guro, hinihikayat na ipagpatuloy na gamitin ang task-based approach upang mas lalong mailantad ang kasanayan at kakayahan na siyang magreresulta sa makabuluhang pagkatuto sa lahat ng aspeto bilang isang mag-aaral.
2. Sa mga susunod na mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay maaring maging sandigan para sa mga pag-aaral na isasagawa, kaugnay sa paksa, at mas mapalawak o madagdagan ang mga salik o baryabol na magagamit sa makabuluhang pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng pananaliksik.

## TALASANGGUNIAN

1. *Hamouda, A. (2013). An Exploration of Causes of Saudi Students' Reluctance to Participate in the English Language Classroom. International Journal of English Language Education, Vol.1, No.1. Retrieved from https://www.researchgate.net/ publication/335297150_The_Effects_of_Task-based_Approa ch_on_Speaking_Anxiety_among_ESL_Low_Proficiency_ Diploma_Students*
2. *Kawasaki, J. (2021). What Is Task-Based Learning? A Guide to the Popular Teaching Method. Retrieved from https://bridge.edu/ tefl/blog/what-is-task-based-learning/#:~:text=The%20best% 20TBL%20activities%20reflect,to%20complete%20the%20overall%20task*
3. *McCombes, S. (2022). Descriptive Research | Definition, Types, Methods & Example Retrieved from https://www.scribbr.com /methodology/descriptive-research/*